

Morpolohikal na Varyasyon sa Wikang Mandaya ng Davao Oriental

RAYMUND M. PASION

Davao Oriental State College of Science and Technology, Mati City, Davao Oriental, Philippines
raypasion@yahoo.com

Date Received: July 20, 2014; Date Revised: October 30, 2014

Abstrak - Ang pag-aaral naito ay naglalayong tuklasin ang morpolohikalna varyasyon sa Wikang Mandaya na matatagpuan sa Probinsyang Davao Oriental. Ang mga terminong kultural na pangkabuhayan — pagsasaka, pangangaso, pangisingda at paghahayupan, batay sa *Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP)* ay ginamit bilang lunsaran ng paglilikom ng mga datos.

Sinikap sagutin sa pag-aaral ang mga suliraning: (1) Anong pagbabagong morpoponemiko ang makikita sa mga terminong kultural na pangkabuhayan ng Mandaya ng Caraga, Manay, Bagangaat Cateel? (2) Paano nagaganap ang pagbabagong morpolohikal sa apat na dayalekto ng Mandaya?

Kwalitatibo ang disenyo ng isinagawang pag-aaral. Metodong indehinusat deskriptibo naman ang ginamit mula sa paglilikom hanggang sa pag-aanalisa ng mga datos at ang mga impormante ay pinili sa pamamagitan ng kombinasyong purposive at snow-ball sampling.

Natuklasan sa pag-aaral na mayapat na uri ng pagbabagong morpoponemiko ang nagaganap sa salita ng iba't ibang dayalekto ng Mandaya. Ito ay ang pagpapalit ng ponema, pagkakaltas ng ponema, pagdaragdag ng ponema at metatesis. May tatlong kaso ng pagpapalit ng ponema ang natuklasan— (1) /l~/ → /l/; (2) glide /l~/ → /w/; at (3) /o/ → /u/ at vice versa. Ang kaso naman ng metatesis sa salita ay nangyayari sa Manay. Sa lugar ng Baganga, nagkakaroon ng pagkakaltas mula sa anyo ng salita sa Manay.

Sa pangkalahatan, natuklasang ang wikang Mandaya ay nagkaroon ng varyasyong morpolohikal dahil sa paktor na heograpikal, sikolohikal at sosyolohikal na nagaganap.

Mga Susing-Salita: Mandaya, Morpolohikal, Varyasyon, Wika

I. INTRODUKSYON

Ang mga katutubong Mandaya ay matatagpuan sa probinsya ng Silangang Davao ng Mindanao. Mandaya

rin ang tawag sa kanilang ginagamit na wika. Itinuturing na **Indigenous People (IP)** ang mga Mandaya. Nabibilang ito sa 110 katutubo ng Pilipinas. Ang katagang *Mandaya* ay nagmula sa mga salitang **man** (tao) at **daya** (itaas na bahagi o itaas na bahagi ng ilog). Dahil rin dito, ang mga Mandaya ay tinatawag **nainhabitants of the uplands** (<http://www.ncip.gov.ph>). Naninirahan ang mga Mandaya sa bulubunduking bahagi ng Timog-Silangang Mindanao na binubuo ng Davao del Norte, Compostella Valley, Agusan del Sur, at Davao Oriental. Ang Davao Oriental ang may pinakamaraming populasyon ng mga Mandaya.

Bagama't iisang katutubong pangkat o grupo, napaghihiwalay ang mga Mandaya ng mga bundok at iba pang hangganan. Dahil sa heograpikal na sitwasyong ito, pinaniniwalaang umiiral ang varyasyon o dayalektal na varayti ng wikang Mandaya sa iba't ibang grupong gumagamit nito. Nilayong alamin ng pag-aaral ang morpolohikal na varyasyon ng wikang Mandaya sa apat na munisipalidad.

Sa pagtuklas ng varyasyong morpolohikal ng wikang Mandaya sa pag-aaral, binigyang-pansin ang pagbabagong morpoponemikong nagaganap sa salita ng iba't ibang dayalekto ng Mandaya. Pagbabagong morpoponemiko ang tawag sa anumang morpemang nagbabago ang karaniwang anyo dahil sa impluwensiyang nagaganap sa kaligiran nito. Ang naturang pagbabago ay maaaring pagpapalit ng ponema, pagkakaltas ng ponema, pagdaragdag ng ponema, metatesis at paglilipat-diin.

Sa kasalukuyang pag-aaral, ang pagbabagong morpoponemiko ay tumutukoy sa pagbabago nagaganap hindi sa isang partikular na wika kundi ang pagbabago ng wika sa iba't ibang dayalekto. Tatlong uri ng pagbabagong morpoponemiko ang natuklasang nagaganap sa aspektong morpolohikal ng mga dayalekto ng Mandaya sa apat na munisipalidad. Ito ang pagpapalit ng ponema, pagkakaltas ng ponema, pagdaragdag ng ponema at metatesis. Isa-isang tinalakay dito ang pagbabagong ito.

II. LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na tukuyin ang morpolohikalna varyasyon partikular ang pagbabagong morpoponemiko na makikita sa mga terminong kultural na pangkabuhayan tulad ng pagsasaka, pangangaso, pangingsda at paghahayupan batay sa Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) ng mga Mandaya na matatagpuan sa mga munisipalidad ng Manay, Caraga, Baganga at Cateel ng Probinsiyang Davao Oriental. Sinikap ding ipaliwanag ang mga pagbabagong ito batay sa iba't ibang dayalekto ng Mandaya.

III. KONSEPTWAL NA BATAYAN

Mahalagang malaman kung paano nangyayari na sa loob ng isang komunidad ng wika ay nabubuo ang iba't ibang grupo. May varyasyon ba ang wika sa isang komunidad na nagsasalo sa isang wika? Sa isang partikular na komunidad ay matatagpuan ang iba't ibang grupo na may ibang paraan sa paggamit ng kanilang wika ayon sa sitwasyong kinalalagyan. Isang katotohanan sa linggwistika na ang wika ay nagbabago dahil sa sitwasyong heograpikal, sosyal, o maging ng sariling estilo ng ispiker, ang bawat tao ay may iba't ibang paraan ng pagsasalita (Thurlow 2004: 120). Ayon pa nga kay Hymes (Conrad at Biber, 2001), walang taong may isang paraan lamang ng pagsasalita sa lahat ng pagkakataon.

Konsepto ng pagkakaroon ng iba't ibang varayti ng wika sa isang komunidad ng wika ang makikita sa apat na munisipalidad. Bagama't kapwa mga Mandaya, dahil sa heograpikal na sitwasyon ay pinaniniwalaan ng mga mananaliksik na may varayti ang wikang Mandayang ginagamit sa mga munisipalidad ng Caraga, Manay, Baganga at Cateel.

Ang varyasyon ng wikang Mandaya sa apat na grupo ay maaaring makita sa pamamagitan ng kanilang **IKSP** (Indigenous Knowledge Systems and Practices) na nagbibigay ng tuon sa mga terminong kultural sa aspektong pangkabuhayan tulad ng paghahayupan,

pangangaso, pangingsda at pagsasaka. Bagama't may isang paniniwala, kultura, at pamumuhay ang mga Mandaya, nagkakaroon ng pagkakaiba ang kanilang katawagan o pananalita.

Batay sa **variation theory**, lilitaw ang varyasyon ng Mandaya sa pamamagitan ng linggwistikal nitong katangian.

IV. METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

Disenyong kwalitatibo ang ginamit ng pag-aaral. Sa pagsusuri o pag-aanalisa, ang mga datos ay nilapatan ng pagsusuring estruktural upang maipakita ang sistemang pangwika ng mga Mandaya sa apat na mga munisipalidad. Isinaalang-alang ang masusing pagtalakay tungkol samorpolohikal na varyasyong naganap sa wikang Mandaya at ang pagpapangkat-pangkat ng mga lugar ayon sa varyasyong magkakatulad, may pagkakatulad gayundin sa pagkakaiba nito sa isang lugar patungo sa iba pang lugar na pinaghahambing.

Ang varyasyong morpolohikal ay batay sa mga terminong IKSPng pangkabuhayan at swadesh list na inalam sa pamamagitan ng pakikinig sa paraan ng pagbigkas ng mga salita at pagsulat ng notasyong ponemiko nito.


V. RESULTA NG PAG-AARAL

Pagbabagong Morpoponemiko Sa Wikang Mandaya

1. Pagpapalit ng Ponema

Ang **pagpapalit ng ponemana** makikita sa mga salita ng wikang Mandaya ay naganap hindi sa impluwensiyang dulot ng katabi nitong ponema kundi sa pagbuo ng mga salitang buhat sa mga lugar na pinagmulan nito. Naging dahilan ito upang mag-iba ang ispeleng at bigkas.

Tatlong kaso ng pagpapalit ng ponema ang natuklasan sa pag-aaral —(1) /l~/ → /l/;(2) glide /l~/ → /w/;at (3) /o/ → /u/at bisa bersa.



Talahanayan 1. Ang Ponemang /l~l/ → /l/

MUNISIPALIDAD				Filipino
Caraga	Manay	Baganga	Cateel	
ba'lul'lo	ba'lul'lo	balulo	balulo	bal'lul'lo
bu'lag	bu'lag	bu'lag	bulag	bul'lag
kal'la'luman	kalal'luman	kalauman	kalawomay	kalaliman
kyal'lunwan	yama'luno	yagayluno	luno	luno
l'aga	l'aga	laga	laga	sigaga
l'al'lum	lal'lum	laum	lawom	lalim
l'luboka	l'lubokon	lubokon	(pagbayo)	bayuhin
l'lupad	lupad	l'lupad	lupad	lipad
l'lupog	l'lupog	lupog	lupog	habol
mal'lakbang	mal'labang	mal'lakbang	malakbang	malapad
mal'la'lum	mala'lum	malaum	malawom	malalim

Ang glide l o ponemang /l~l/ ay komon sa Caraga. Litaw sa kanilang pananalita ang tunog ng /l~l/ na isa sa katangian ng Mandaya na kakaiba sa wikang Filipino. Subalit ang katangiang ito ay nagbabago o nawawala sa iba lugar ng Mandaya lalo na sa Cateel. Kapansin-pansin ang pagpapalit ng /l~l/ sa /l/ sa munisipalidad ng

Cateel, sa katunayan, hindi na naririnig ang ponemang ito sa lugar. Unti-unti na rin itong nawawala at napapalitan din ng ponemang /l/ sa Baganga. Samantala, bagamat karaniwan pa ring naririnig ang tunog na ito sa Manay, may ilang pagkakataon na napapalitan na rin ito ng tunog ng l.

Talahanayan 2. Ang Ponemang /l~l/ → /w/

MUNISIPALIDAD				Filipino
Caraga	Manay	Baganga	Cateel	
a'luyon	a'luyon	a'luyon	awoyon	bayanihan
antutuba'l	antutubaw	antutubaw	antutubaw	antutubaw
baska'l	bagka'l	bagkaw	bagkaw	lalakeng unggoy
dul'law	dul'law	duwaw	duwaw	dul'law
gul'langan	guwangan	gul'langan	guwangan	gubat
kagul'langan	kaguwangan	kagul'langan	kaguwangan	kagubatan
katumba'l	katumba'l	katumba'l	katombaw	sili
ku'lang	ku'lang	kuwang	kuwang	higa
sal'lugnon	sal'lugnon	sal'lugnon	sawognon	sal'lugnon
u'labang	u'labang	u'labang	uwabang	ulang

Ang /l~l/ ng Caraga ay napapalitan din naman ng /w/ sa ibang lugar. Ganap itong napapalitan sa lugar ng Cateel na tulad ng unang nabanggit ay hindi na karirangan ng ponemang /l~l/. Samantala, bihira na

ring maririnig ang tunog na glide l sa Baganga at napapalitan na rin ito ng /w/. Sa Manay naman, paminsanang nangyayari na napapalitan ng /w/ ang glide l.

Talahanayan 3. Ang Ponemang /o/ → /u/ at /u/ → /o/

MUNISIPALIDAD				Filipino
Caraga	Manay	Baganga	Cateel	
ato ^l lon	atul ^l lon	atul ^l la	(aton)	apoy
boyag	buyag	buyag	boyag	asawa (wife)
daot	(dunot)	daut	daot	sira
tako	taku	taku	tako	inahing baboy
dumdum	dumdum	dumdum	domdom	isip
buwa	buwa	bowa	bowa	duyan
buwaon	buwaa	bowaha	bowahon	duyanin
magbuwa	magbuwa	magabowa	magbowa	magduyan
usunugon	sunuga	sunogon	sunugon	sunugin
kukul ^l lon	kukol ^l lon	kukul ^l lon	kukuhon	kuko
madakmul ^l	madamol ^l	madakmol ^l	madakmo	makapal
manganul ^l	manganol ^l	manganoway	mangano	mapurol

Madalas na napapalitan ang ponemang /o/ sa Caraga ng /u/ sa Manay at Baganga kung ang salitang katumbas ay may pagkakatulad. Samantala, karaniwang naiiba ang anyo ng salitang katumbas sa lugar ng Cateel. Sa kaso naman ng ponemang /u/ ng Caraga, may mga pagkakataong napapalitan ito ng ponemang /o/ sa Manay, Baganga, at Cateel at may pagkakataon ding namang nanatili itong /u/.

2. PAGKAKALTAS NG PONEMA

Ang pagkakaltas ng ponema ay tumutukoy sa². pagkawala ng isa o higit pang ponema mula sa³. dayalektong Mandaya sa Caraga. Maaaring maganap⁴. ang pagkakaltas sa unahan, gitna at hulihan ng salita⁵. may panlapi man ito o wala. Hindi pare-pareho o walang nakitang konsistensi kung kalian nagaganap ang pagkakaltas ng ponema mula sa salita sa Caraga. Kaya sa ikadadali ng paglalalahad, isa-isang inihambing ang kaso ng pagkakaltas mula sa dayalekto ng Caraga.

2.1 Caraga vs. Manay

Inilahad sa ibaba ang mga salitang mula sa Caraga na nakakaltasan ng ponemang tulad ng /i/, /o/, /n/, /k/, at /y/ sa lugar ng Manay.

Caraga	Manay	Filipino
1. basiyan	basyan	babaeng unggoy
2. byal ^l lawang	bal ^l lawang	paraan ng paghuli ng hayop
3. kalintoo	kalinto	kanan
4. mal ^l lakbang	mal ^l labang	malapad
5. manl ^l log	mal ^l log	hulog

Makikita sa mga salitang mula sa Caraga ay karaniwang nakakaltas ang ponemang /a/ sa lugar ng

Manay. Nagkaroon man ito ng pagkakaltas ay nanatili parin ang iisang kahulugan sa mga salitang mula naman sa Caraga.

2.2 Caraga vs. Baganga

Makikita naman sa ibaba ang mga salitang mula sa Caraga na nagkaroon ng pagkakaltas ng mga ponemang tulad ng /a/, /i/, /g/, /m/, at /t/ sa lugar ng Baganga.

Caraga	Baganga	Filipino
dadaan	dadang	luma
dal ^l lumpingan	dal ^l lupingan	uri ng isda
iginawa	ginawa	huminga
pagputga	pagpuga	pagpiga
yagagani	yagaani	nag-ani

Katulad sa lugar ng Manay, ang mga salitang mula sa Caraga ay karaniwang nakakaltasan ng ponemang /a/ sa lugar ng Baganga. Ganoon parin ang kahulugan ng mga salita at hindi nagbabago.

2.3 Caraga vs. Cateel

Ang mga ponemang /a/, /d/, /k/, /s/, at /y/ ay nakakaltas sa lugar ng Cateel.

Caraga	Cateel	Filipino
1. byutang	butang	lagay
2. kikita	ikita	nakita
3. kindo	kin-o	kailan
4. magabuwa	magbowa	magduyan
5. sayotes	sayote	sayote

Ang ponemang /l^l/ na makikita sa lugar ng Caraga ay karaniwang nakakaltas sa lugar ng Cateel. Sapagkat, ang naturang ponema ay bihira o pawala na ito sa munisipalidad ng Cateel. Bukod dito, ang ibang mga ponemang nakakaltas ng Cateel ay makikita lamang sa

tig-iisa o tigdadalawang mga salita nito. Ganun parin ang kahulugang taglay sa dalawang lugar ay hindi nagbabago.

3. PAGDARAGDAG NG PONEMA

Ang pagdaragdag ng ponema ay tumutukoy sa pagdagdag ng isa o higit pang ponema mula sa dayalektong Mandaya sa Caraga. Katulad ng pagkakaltas ng ponema, maaaring maganap ang pagdaragdag sa unahan, gitna at hulihan ng salita may panlapi man ito o wala. Hindi pare-pareho o walang nakitang konsistensi kung kalian nagaganap ang pagdaragdag ng ponema mula sa salita sa Caraga. Kaya sa ikadadali ng paglalalahad, isa-isang inihambing ang kaso ng pagdaragdag mula sa dayalekto ng Caraga.

3.1 Caraga vs. Manay

Inilahad sa ibaba ang mga salitang mula sa Caraga ay nadaragdagan ng mga ponemang tulad ng /g/, /ŋ/, /s/, /w/, at /y/ sa lugar ng Manay.

	Caraga	Manay	Filipino
1.	awid	gawid	hawak
2.	bui	buwi	buhay
3.	dudungog	dyudungog	narinig
4.	ido	ngido	aso
5.	ukip	sukip	bunga ng mais

3.2 Caraga vs. Baganga

Makikita naman sa ibaba ang mga salitang mula sa Caraga ay nadaragdagan ng mga ponemang tulad ng /a/, /g/, /h/, /n/ at /t/ sa lugar ng Baganga.

	Caraga	Baganga	Filipino
1.	inog	hinog	hinog
2.	maaso	maanso	panghi
3.	magani	maggani	mag-ani
4.	yagtanum	yagatanum	nagtanim
5.	yutubog	tyutubog	dumawi

Talahanayan 4. Metatesis sa Wikang Mandaya

MUNISIPALIDAD				Filipino
Caraga	Manay	Baganga	Cateel	
pagputga	pagpugta	(pagpuga)	(pugtaa)	pagpiga
tamnanan	tanmanan	(tanuman)	(tanumanan)	taniman
yuoktan	yukutan	(yuktan)	(hinuktan)	tinaliang manok
rumigas	ormigas	(urmigas)	(hormigas)	langgam

Ang kaso ng papapalit ng posisyon ng ponema sa salita ay nangyayari sa Manay. Mapapansin sa talahanayan na halos magkatulad ang anyo ng dalawang

3.3 Caraga vs. Cateel

Makikita sa mga halimbawang nasa ibaba ang mga salitang mula sa Caraga ay nadaragdagan ng ponemang /i/, /n/ lalong-lalo na ang ponemang /h/ na karaniwang naganap sa mga salitang mula sa Cateel.

	Caraga	Cateel	Filipino
1.	alal'lagtoy	anlalagtoy	uri ng ibon
2.	ampang	hampang	laro
3.	sa-a	saha	saha
4.	sambuok	isambook	isa
5.	usoy	unsoy	sisiw

Ang ponemang /h/ ay naging karaniwan na sa Cateel. Ang ganitong konteksto ay dahil ang kanilang lugar sa kasalukuyan ay naiimpluwensiyahan na ng ibang taong nabibilang sa ibang pangkat ng lipunan, sekta o relihiyon. Isa ring dahilan nito ay ang pagkakasal ng dalawang magkaibang pinagmulan (**intermarriage**) na nagpapabago ng katangian ng kanilang wika. Lumilitaw dito ang unti-unti nang pagbabago ng kanilang wika dahil sa impluwensya ng mga tao sa kanilang paligid na may iba ring kulturang kinagisanan.

4. METATESIS

Isa ring uri ng pagbabagong morpoponemiko ang metatesis. Sa Filipino, tinatawag itong metatesis o may lipat sapagkat nagkakaroon ng paglilipatan ng posisyon ng dalawang ponema na makikita sa loob ng salita. Bukod rito, nagkakaroon din ito minsan ng pagkakaltas ng ponema.

Ilan sa mga nakalap na datos ay nakitaan ng metatesis mula sa salita sa Caraga. Makikita ito sa susunod na talahanayan.

salita maliban sa pagpapalit ng posisyon ng dalawang ponema nito. Sa kaso ng salitang *rumigas* at *rumigason*, kung saan ang dalawang ponemang nagpalit ay nasa

unahan, ang /u/ ay napalitan ng ponemang /o/ sa Manay at sa Baganga ay nagpalit ito ng posisyon.

Sa lugar ng Baganga, nagkakaroon ng pagkakaltas mula sa anyo ng salita sa Manay. Nakaltas ang ponemang /t/ sa mga salitang *pagpugta* at *pagputga*, nakaltas ang /u/ mula sa salitang *yukutan*, nakaltas ng [-an] sa *tanmanans* subalit naibalik ang /u/ mula sa salitang-ugat na *tanum*.

Samantala, iba ang nagaganap sa mga salita sa Cateel. Kung ihahambing sa mga salita sa Manay, halos magkatulad ang posisyon ng mga ponema sa salitang-ugat. Naiba lamang ang anyo nito dahil sa ibang panlapi ang gamit ng Cateel at ang pagkakaroon nito ng ponemang /h/.

VI. KONGKLUSYON

Lumitaw sa pag-aaral na nagaganap ang iba't ibang uri ng pagbabagong morpoponemiko sa mga dayalekto ng Mandaya. Mula sa mga salita sa Caraga, nagkakaroon ng pagpapalit ng ponema, pagkakaltas ng ponema, pagdaragdag ng ponema at metatesis sa iba't ibang lugar.

Patunay ang lahat ng ito na ang paghihiwa-hiwalay ng mga tao kahit kabilang sa isang malaking grupo, ay nagiging dahilan upang magkaroon ng varayti ang gamit nitong wika na maiiba sa pinagmulang wika nito. Idagdag pa ang ibang aspekto ng pagkakaroon ng varyasyon sa wika.

Sa pangkalahatan, ang pagkakaroon ng varyasyong morpolohikal sa wikang Mandaya sa mga lugar ng Caraga, Manay, Baganga at Cateel ay maaaring sa dahilang sikolohikal, sosyolohikal, at linggwistikal na aspekto ayon sa pananaliksik at obserbasyon.

Maituturing na sikolohikal ang dahilan ng pagkakaibang nagaganap sa wikang Mandaya lalong-lalo na sa mga lugar ng Bngng at Ctl dahil ayon sa mga **tribal elders** na nakapanayam, kung magbabalik-tanaw sa kasaysayan at karanasan ng mga katutubong Mandaya, nakaranas ng tinatawag na diskriminasyon ang mga katutubo. Tuwiran itong isinasalaysay ng ilang mga impormante, na ang kanilang mga ninuno noong unang panahon ay nakaranas ng pagmamaliit, tinitingnan mula ulo hanggang paa dahil sa kakaibang kilos, pananamit at maging sa pagsasalita. Dahil dito, pinilit ng mga Mandayang makiayon sa pamamaraan ng iba. Ang pakikiayon o pakikisama ay ginawa nila sa iba't ibang paraan at aspekto tulad ng kanilang pananamit at pamumustura, nababahiran na rin ito ng pagbabago dahil lamang sa pakikibagay. Ang paggamit ng lipstick, pagpapaputol ng mahaba nilang buhok, wala nang *byagid* o hindi pagpapaputol sa ngipin para maging pantay sa mga babae o lalake—

palatandaan ito ng kanilang kakisigan o kagandahan, ay ilan lamang mga halimbawa ng pagbabagong nagaganap sa mga Mandaya dahil sa pagnanais na maging katulad ng iba at hindi maliitin ang pagtingin sa kanila.

Maituturing ding sosyolohikal ang paktor ng paglitaw ng varyasyon sa wikang Mandaya. Kasama nilang naninirahan sa kanilang lugar ang iba't ibang grupo ng mga taong mayroon ding ibang ginagamit na wika gaya ng Bisaya, Kalagan, Leyteño at iba pa. Sa pakikisalamuha sa ibang grupo, naiimpluwensyahan ang mga Mandaya sa kanilang pakikipagtalastasan. Nabanggit sa mga naunang tsapter na sa pakikipagkalakalan, nakasalamuha ng mga Mandaya hindi lang ang kapwa Pilipinong may ibang katutubong wika kundi maging ang mga dayuhan. Dahil dito, napipilitan silang aralin ang wika ng iba kung kaya sa pagkatuto ng ibang wika, nadadala ng Mandaya ang ilang katangian nito sa sariling wika.

Kaugnay ng sosyolohikal ay ang linggwistikal na aspekto. Isa ngang nabahiran ng pagbabago ay ang pananalita ng mga Mandaya. Nagiging karaniwan na rin sa kanila ang panghihiram o paggamit ng mga salita ng ibang grupo upang maunawaan sila. Katulad na lamang sa pariralang *singgel pail* /si:ŋgel pa:'il/, kung maririnig silang sinasabi ito ay aakalaing kanilang sariling salita ang tinutukoy, ngunit ito ay mula sa salitang Ingles na ang ibig tukuyin ay *single file*. Ang katagang ito ay naglalarawan sa paraan ng paglalakad ng mga Mandaya dahil sa makipot na daan sa *butáy* (bundok). Isa pang halimbawa ay ang salitang *kamoteng-kaoy*. Ito ay hiram na salita mula sa ibang pangkat at sa mga dayong nahirating sa kanilang lugar na kamoteng-kahoy. Ayon sa mga katutubong Mandayang nakapanayam, ang orihinal na salita nito sa kanilang wika ay *sebo* /se:bo^h/. Subalit dahil sa paglaganap ng paggamit ng kamoteng-kaoy, hindi na kilala lalo na ng mga batang Mandaya ang *sebo*.

Kung tutuusin, hindi naman negatibo sa pangkalahatan ang dahilan ng pagbabago ng katangian ng wikang Mandaya. Kasama itong kinakaharap ng sinumang tribo hanggang sa kasalukuyan. Naisin man ng sinuman na maipreserba o mapanatili ang kultura at wika, dahil sa iba't ibang paktor ay nababago ito o nababahiran ng pag-iiba. Patunay ito na ang wika ay sadyang buhay. Tulad ng taong patuloy na nakikipamuhay sa mundong ito, nabubuhay siyang ayon sa mundong kanyang ginagalawan, at kasabay nitong nakikipamuhay din ang kanyang wika.

MGA REPERENSYA

- Chambers, J. K. & Peter T. (1994). *Dialectology*. New York: Cambridge University Press.
- Conrad, S. & Douglas B. (Eds.). (2001). *Variation in English: Multi-Dimensional Studies*. England: Pearson Education Ltd.
- Coupland, N. (2007). *Style: Language Variation and Identity*. Cambridge: Cambridge University Press.
- Ekert, P. & Rickford, J. (Eds.). (2001). *Style and Sociolinguistic Variation*. Cambridge: Cambridge University Press, 2001.
- Fromklin, V. et al. (2003). *An Introduction to Language (7th Ed.)*. Thomson: Heinle.
- Giles, H., et al. (Eds.). (1991). *Context of Accommodation: Developments in Applied Sociolinguistics*. Cambridge: Cambridge University Press.
- Peregrino, J., Constantino, P., & Ocampo, N. (Eds.). (2002). *Minanga, Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas.
- Poplack, S. (1993). *Variation Theory and Language Contact*. In Preston, D.R. (Ed.), *American Dialect Research* (pp. 251). Philadelphia: John Benjamin B.V.
- Lewis, P.M., Simons, G.F., & Fennig, C.D. (eds.). 2013. *Ethnologue: Languages of the World, Seventeenth edition*. Dallas, Texas: SIL International. Retrieved from <http://www.ethnologue.com>.
- NCIP (National Commission on Indigenous Peoples). (2012). Retrieved June 5, 2012 from <http://www.ncip.gov.ph>